
# 8 Steps

## para Makapagsimula ng

# Digital Trabaho Side Hustle

## Kahit Beginner Ka

*Kahit may ful-time job ka at wala ka pang experience*



**Nomar Uno**

# WELCOME!

Congrats sa pag-download mo ng guide na 'to.

Hindi mo 'to na-download nang walang dahilan. Siguro isa ka sa mga:

- Gusto kumita online pero hindi alam kung saan magsisimula
- May full-time job pero naghahanap ng extra income
- O kaya... sawa ka na sa paulit-ulit na cycle at gusto mo ng bagong opportunity

This guide is designed para tulungan ka mag-start sa Digital Trabaho kahit:

Wala kang experience
Hindi alam saan mag sisimula
At kahit busy ka pa sa work mo

Ang goal nitong eWorkbook guide na to ay tulungan ka step by step.

## WHAT YOU'LL LEARN INSIDE

## PARA HINDI KA MA-OVERWHELM, HINATI KO ITO SA SIMPLE, ACTIONABLE STEPS:

### STEP 1

BAKIT GUSTO MONG MAGKAROON NG DIGITAL TRABAHO?

### STEP 2

HINDI MO KAILANGAN MAGING EXPERT (START WITH WHAT YOU'RE CURIOUS ABOUT)

### STEP 3

PILI KA NG ISANG SKILL NA PWEDE MONG PAGKAKITAAN (HUWAG SABAY-SABAY)

### STEP 4

I-POSITION MO SARILI MO (PARA HINDI KA "ISA SA MARAMI")

### STEP 5

GUMAWA KA NG PROOF (KAHIT WALA KA PANG CLIENT)

### STEP 6

GUMAWA NG ONLINE PRESENCE (SIMPLE LANG, HINDI FANCY)

### STEP 7

HANAPIN MO YUNG FIRST CLIENT MO (ITO YUNG TURNING POINT)

### STEP 8

PAANO MO PAGSASABAYIN SA FULL-TIME JOB (HINDI KA MABUBURNOUT)

Before You Start... Gusto ko lang sabihin na hindi mo kailangan tapusin ito ng isang upuan. Mas importante na may ma-apply ka agad at may ma-simulan ka ngayon. Kahit maliit na step—basta tuloy-tuloy. Kung ready ka na... Let's get you started!

# INTRODUCTION

Hindi ko ma-explain dati, pero parang...
may gusto pa akong gawin.
May ibang direction na gusto kong i-try.

Hi, I'm Nomar! I'm a freelancer at Isa din akong corporate employee dati.
I was working a full-time job. Gumigising araw-araw para pumasok. Sumusunod sa schedule.
Waiting for weekends... tapos repeat ulit.
Okay naman. Stable. Pero deep inside, parang may kulang.
Until one day, napunta ako sa world ng online work by accident
Hindi ko rin agad naisip na para sa'kin 'to. Wala akong background. Wala akong experience.
Pero may isang bagay na meron ako... Curiosity. Dun nagsimula lahat.
Paunti-unti akong nag-explore.
Trying things out.
Nagkakamali.
Natututo.
Hindi perfect.
Pero habang tumatagal... nagbabago yung takbo ng buhay ko.
From someone na naka-depende lang sa isang sweldo— nagkaroon ako ng ibang option.
From someone na sunod lang sa schedule— nagkaroon ako ng control sa oras ko.

At pinaka-importante...
Nagkaroon ako ng **freedom**

Freedom to choose.
Freedom to work differently.
Freedom to do things na gusto ko.

Kaya kung nandito ka ngayon...
Hindi dahil napadpad ka lang.

Maybe...

may part sa'yo na naghahanap din ng ibang way.

# STEP 1

## BAKIT GUSTO MONG MAGKAROON NG DIGITAL TRABAHO? (REAL TALK MUNA)

Let me guess...

You're working a full-time job right now.

Busy. Pagod. And minsan napapaisip ka na...

"Ganito na lang ba forever?"

I've been there.

Yung tipong okay naman yung work mo... pero deep inside, alam mong may kulang.

Maybe it's the income.

Maybe it's the freedom.

Or maybe... gusto mo lang ng option. Just in case.

Then one day, you start seeing people online.

Mga freelancers.

Mga "VA."

Mga kumikita from home.

And mapapaisip ka ulit:

"Legit ba 'to? Kaya ko rin kaya 'to?"

Honestly?

That's exactly how I starts.

Hindi mo kailangan maging super galing agad.

Hindi mo kailangan maging expert.

Ang kailangan mo lang right now is clarity kung bakit mo 'to gusto simulan.

Because let's be real...

Starting a digital trabaho side hustle while working full-time is not always easy.

May days na pagod ka na from work.

May days na tinatamad ka.

May days na parang walang nangyayari.

So if wala kang malinaw na reason...

Madali kang susuko.

So ask yourself these questions:

- Gusto mo ba ng extra income every month?
- Gusto mo bang makatulong sa family mo?
- Gusto mo bang magkaroon ng backup plan?

Walang tama o maling sagot.

Basta ang importante, klaro sa'yo kung bakit ka magsisimula.
Kasi once clear na 'yan...
Mas madali na lahat ng next steps.
And don't worry, malalaman mo lahat dito sa guide na to
Sa next step, pag-uusapan natin kung bakit...

Pero bago yun sagutan mo today ang questions below bago mag punta sa step 2.

## BAKIT GUSTO MO TALAGA MAG WORK ONLINE?

## ANO ANO ANG MGA MAGBABAGO KAPAG NA-KAKAPAG WORK-FROM-HOME KANA?

# STEP 2

## HINDI MO KAILANGAN MAGING EXPERT AGAD (START WITH WHAT YOU'RE CURIOUS ABOUT)

Before anything else, gusto ko lang linawin 'to...
Hindi ako nagsimula as "expert."
Wala akong background sa VA
Wala akong plan na maging freelancer.
Honestly... napunta lang ako dito by accident.

Dati pa mahilig na talaga ako sa music. Nag gigitara ako.
May band kami, and gusto ko lang gumawa ng website for us.
Wala naman akong client. Wala akong balak pagkakitaan.
Curious lang ako.
Parang...
*"Paano kaya gumawa ng sariling website?"*

So I started exploring.
Click and research sa internet.
And nood ng mga video tutorials.
Test kung anong mangyayari.
Doon ko na-discover yung mga drag-and-drop tools.

And dun ko na-realize...
*"Ah, pwede pala 'to. Hindi pala siya ganun ka-complicated."*

At that time, hindi ko iniisip na magiging "digital trabaho" siya.
Hindi ko iniisip na kikita ako dito.
I was just following something na interested ako gawin.
And that's the point.

Most people think:

"Kailangan marunong na ako bago ako magsimula."
But in reality?

- You start because you're curious.
-You improve because ginagawa mo siya consistently.
-You get paid once you're good enough to help someone.

So instead of asking:
*"Ano ba yung pinakamalaking kikitain?"*

Try asking this first:
*"Ano yung kaya kong paglaruan or pag-aralan kahit pagod ako?"*

Because if hindi ka interesado...
Mahirap siya i-sustain lalo na kung may full-time job ka.

For me, it started with music + curiosity. Then naging web design.

For you?
Pwedeng:

- Writing
- Editing Videos
- Social media marketing
- Tech stuff
- A.I.
- Or kahit ano na napapansin mong interesting sayo.

Hindi mo kailangan maging magaling agad.

You just need a starting point na hindi mo kinaiinisan gawin
.
Kasi once you find that...

Dun na magsisimula yung momentum mo.

Ask yourself these questions bago tayo mag punta sa Step 3

## 3 BAGAY NA CURIOUS KA NGAYON KAHIT HINDI KA PA EXPERT DITO? BAKIT KA INTERESADO DITO?

## ANO ANG ISANG MALIIT NA STEP NA PWEDE MONG GAWIN THIS WEEK PARA MAS MA-EXPLORE YUNG INTEREST NA 'TO?

# STEP 3

## PILI KA NG ISANG SKILL NA PWEDE MONG PAGKAKITAAN (HUWAG SABAY-SABAY)

After mo ma-realize na hindi mo kailangan maging expert...

Dito na usually nagkakaproblema ang karamihan.

Kasi biglang...

Ang dami mong options.

- Freelancing / VA
- Copywriting
- Graphic design
- Video Editing
- Social media management
- Dropshipping
- Ecom
- A.I.
- At kung anu-ano pa...

Nakaka-overwhelm, diba?

Parang gusto mong subukan lahat.

Ganito rin ako dati.

Nung na-expose na ako sa world ng online work, feeling ko kailangan ko aralin lahat.

Kung ano yung uso gusto ko pasukin.

Kung ano yung trending gusto ko matutunan.

But here’s what I learned the hard way...

*“Kapag sabay-sabay mong gagawin lahat... wala kang mama-master kahit isa.”*

So I made a simple decision:

Pumili lang ako ng isang skill. Isa lang.
Hindi perfect.
Hindi yung “best.”
Hindi yung pinakamalaki agad ang kita.

Just something na...

- May konting interest ako
- Nakikita kong pwede kong ma-improve
- At pwede kong i-offer eventually

For me, nag-stick ako sa paggawa ng webpages/landingpage/websites.
Hindi dahil expert na ako.
But because:

- Na-enjoy ko siya
- Nakikita ko yung progress ko
- At nai-imagine ko na pwede ko to ioffer

Ganun lang kasimple.
Hindi mo kailangan ng complicated na strategy.

So for you, try mo ‘to
Pili ka ng isang skill na:

- Medyo interesado ka
- Kaya mong pag-aralan kahit paunti-unti
- At may demand online

That’s it.
And once nakapili ka na...
Commit ka muna dun.
Wag ka muna mag-jump sa iba.
Wag mo muna isipin yung ibang opportunities.
Focus ka muna sa:

- Pag-practice
- Pag-improve
- Pag-build ng confidence

Kasi dito nagsisimula yung totoong progress.
Hindi sa dami ng alam mo...
Kundi sa consistency mo sa isang bagay.

Para sa tasks mo sa step na to. Diba naka pili ka ng 3 bagay na intereted ka sa previous step. Now pili ka lang na isa at isulat mo sa space below.

**PILI KA NG ISANG SKILL NA MEDYO INTERESADO KA, KAYA MONG PAG-ARALAN AT MAY DEMAND ONLINE**

# STEP 4

## I-POSITION MO SARILI MO (PARA HINDI KA "ISA SA MARAMI")

So ngayon, may napili ka nang skill.

Good.

Pero eto yung next problem...

Kahit marunong ka na ng skill, kung hindi clear
kung sino tinutulungan mo at paano,
mahirap pa rin makakuha ng client.

Ganito ko siya na-realize.

Nung nagsisimula ako, ang iniisip ko lang:

*"Gagawa ako ng website."*

Pero ang problema...

Ang daming gumagawa ng website.
So bakit ako pipiliin?

Doon ko na-gets na hindi sapat yung skill lang.

Kailangan malinaw din yung:
- Sino tinutulungan mo
- Anong problem ang sinosolve mo

Hindi naman kailangan super specific agad.

You can start simple like:

- "I help small business owners create simple websites"
- "I help online coaches build landing pages"
- "I help brands improve their online presence"

Ang goal mo dito is hindi maging perfect.
Ang goal mo is maging clear enough para maintindihan ka ng mga clients

Kasi once malinaw 'yan...
Mas madali ka na mag apply
Mas madali ka na i-refer.
Mas madali ka na mag karoon ng mga clients

## SINO TINUTULUNGAN MO AT ANONG PROBLEM ANG SINOSOLVE MO

# STEP 5

## GUMAWA KA NG PROOF (KAHIT WALA KA PANG CLIENT)

Ito yung pinaka-common na tanong:

“Paano ako makakakuha ng client kung wala pa akong experience?”

Valid question.

Pero eto yung hindi alam ng karamihan...
Hindi mo kailangan ng client para magkaroon ng proof.

Ganito ginawa ko dati.
Wala pa akong client.
Wala pang naniniwala

But I still created.

- Sample websites
- Nag-practice ako ng layouts
- Testing  ng mga design na bagay sa page

Hindi siya perfect.
Pero it was enough to show na:
“Ito yung kaya kong gawin.”

Think of it this way:
Kung ikaw yung client...

Mas pipiliin mo ba yung:

- Walang maipakita
- Or may sample kahit beginner pa?

So don't wait.

Start creating kahit practice lang

Because your "practice" today...

Pwedeng maging dahilan para magkaroon ng madaming Premium Clients.

**THIS WEEK MAG DEDICATE KA NG TIME TO PRACTICE SA SKILL NA NAPILI MO AT SULAT MO DITO SA WORKBOOK.**

# STEP 6

## GUMAWA NG ONLINE PRESENCE (SIMPLE LANG, HINDI FANCY)

Eto na—nakapili ka na ng skill, may konting proof ka na.

Now, you need a place where people can find you.
You just need something simple like:

- Facebook profile/page (optional sa mahiyain like me)
- OnlineJobs.ph
- Upwork (dito ako nag start)
- Or kahit Google Drive portfolio

Ang importante:
Clear kung ano ginagawa mo
May sample ka na maipapakita
Madaling i-contact ka

Yun lang.

Maraming iba na-stuck dito kasi gusto nila perfect lahat.
Pero in reality?
Mas okay ang simple… kaysa perfect pero hindi pa tapos

**FOR STEP 6 TASK: GUMAWA KA NG ACCOUNT SA UPWORK OR ONLINEJOBS.PH AT GUMAWA KA NG SAMPLE PORTFOLIO**

# STEP 7

## HANAPIN MO YUNG FIRST CLIENT MO (ITO YUNG TURNING POINT)

Ito na yung part na medyo nakakatakot.

Because now...
You will show up and apply. Magpapakita ka na.

Naalala ko pa nung first time ko mag-apply..

Kinakabahan talaga ako.

- “Paano kung walang mag-reply?”
- “Paano kung ma-reject ako?”
- “Paano kung hindi ako enough?”

Pero
Normal lahat ‘yan.

Para maka hanap ka ng first client mo
You need to:

- Mag log in sa mga freelancing platforms (upwork or onlinejobs.ph)
- Send message applications
- Try kahit uncomfortable

May mga hindi magre-reply.
May mag ghost sayo

But eventually...
May isang magsasabi ng “Yes.”

And once mangyari ‘yan...

Everything changes.

Kasi mapapatunayan mo sa sarili mo na:

“Possible pala talaga.”

## FOR STEP 6 TASK: APPLY TO 10 JOBS ONLINE

# STEP 8

## PAANO MO PAGSASABAYIN SA FULL-TIME JOB (HINDI KA MABUBURNOUT)

Now, real talk.

Hindi madali pagsabayin ang full-time job at side hustle.

May days na pagod ka na.
May days na gusto mo na lang magpahinga.

So ang goal mo dito is not to do everything.
Ang goal mo is to do what matters—consistently

Simple lang:

- Mag-set ka ng maliit na time daily (kahit 1–2 hours)
- Piliin mo yung pinaka-important task
- Iwasan mo yung distractions

Hindi mo kailangan magmadali.
Enjoy mo lang ang journey. Kaya dapat interested ka talaga sa skills na pipiliin mo. At pwede mo palitan when you feel like it and explore. Mahalaga matagpuan mo yun gusto mo talaga.

What you're building here is:
Momentum
Consistency
A new income stream na dahan-dahan lumalaki

And over time...
Pwede itong maging:

- Extra income
- Safety net
- Or even your main thing

**Before You Go...**

If you made it this far...

I just want to say.. seryoso ka na talaga.

Hindi ka na lang curious.
You're actually considering this.

And honestly?
That's how it starts.

But here's the thing...

Hindi mo kailangan i-figure out lahat mag-isa.

If you want, I can help you:

- Piliin yung best skill for you
- I-clarify yung next steps mo
- At iwasan yung common mistakes

Kung naiisip mo na "gusto ko na talagang subukan 'to",

may ginawa ako for you.

It's called Digital Trabaho 21-Day Challenge.

Video guide siya—day by day, tutulungan kitang mag-start kahit beginner at medyo nangangapa ka pa.

Ang goal talaga is magkaroon ka ng clear direction at momentum.

Pero heads up lang...

Hindi siya open lagi.

Once a month lang siya nag-oopen.

So kung hindi pa siya available ngayon, okay lang.

Pwede ka naman sumama sa waitlist para ikaw yung isa sa unang makakaalam kapag nag-open ulit.

Join the waitlist here

# THANK YOU

Hey! thank you for taking the time to read this.

I know hindi biro mag-isip ng bagong direction, lalo na kung may full-time job ka at marami kang responsibilities.

So the fact na umabot ka dito?

That already says a lot about you.

Hindi mo kailangan gawin lahat agad.

Just start where you are.

Take one small step at a time.

And if you feel like you want a little more guidance...




Nandito lang ako.

**NOMAR**

# CONTACT

Digital Trabaho helps complete beginners learn practical digital skills so they can start working online with confidence and earn income remotely.


DIGITALTRABAHO

DIGITALTRABAHO

DIGITALTRABAHO

DIGITALTRABAHO

www.digitaltrabaho.com

info@digitaltrabaho.com

# NOTES